# Pangkalahatang Tuntunin sa Paggamit

## 1 Tuntunin sa Paggamit

Itong mga Tuntunin sa Paggamit (tinutukoy dito bilang '**ToU**') ang bumubuo at namamahala sa relasyon ng '**Provider**' (tinutukoy sa baba) at lahat ng mga partido gumagamit sa Website at/o App (tinutukoy sa baba) at gumagamit sa mga features at nilalaman sa anumang pamamaraan (tinutukoy dito bilang '**Visitors'**).

Sa kabuuan ang Provider at Visitors ay kikilalanin dito bilang '**Parties**'.

## 2 Pangkalahatan

Ang paggamit sa anuman o lahat ng mga features at serbisyo na ibinibigay ng Provider sa FlashScore.ph website aat sa mga aplikasyon sa telepono (tinutukoy dito bilang '**App**') at ang mga impormasyon, materyales at links na bumubuo dito, ay bahagi ng ToU na tinutukoy sa ibaba. Maliban lamang kung pumayag ang Provider sa panulat, ang ToU ang bumubuo sa pangkalahatang relasyon sa pagitan ng Provider at ng Visitor sa paggamit nito sa App kasama na ang alinman o lahat ng mga functions nito na ibinibigay ng App.

Ang Visitor ay may tungkulin na basahing mabuti at unawain ang ToU bago gamitin ang App. Ang Visitor na pumasok sa App ay itinuturing na nakabasa, nakaunawa at pumayag na nilalaman ng ToU, na hindi na kailangan ng anupamang pagkilos.

Ang Provider ay may karapatan na itigil, magdagdag, tapusin, amyendahan at/o suplementahan itong ToU kung mapatunayan itong nararapat sa hinaharap.

Ang Provider ay hinihimok ang Visitor na basahing mabuti ang nilalaman ng mga pahina palagi. Sa paggamit sa App ng Visitor pumapayag ito sa nilalaman ng ToU, kasama na ang mga pinakahuling modipikasyon dito, kahit na ang Visitor ay walang alam sa mga modipikasyong ito.

Ang Provider ay walang obligasyon na iberipika ang lahat ng Visitors na gumagamit sa App alinsunod sa pinakahuling ToU. Ang pinakaepektibong bersyon ng ToU ay yung makikita sa App.

Ang App ay maaari lamang gamitin ng naaayos sa batas. Ang paggamit ng app sa transmisyon, distribusyon, publikasyon o pagtatabi ng anumang materyal sa o gamit ang App la lumalabag sa mga kasalukuyang batas o regulasyon o sa mga karapatan ng ibang partido ay mahigpit na ipinagbabawal. Kasama dito (walang limitasyon) ang paggamit ng app o ang transmisyon, distribusyon, publikasyon o pagtatabi ng anumang materyal sa o gamit ang App para sa layunin na lumalabag sa copyright, trademark, trade secret o iba pang karapatan sa intellectual property, kung malaswa o nakakasakit sa mga menor de edad o bumubuo sa isang ilegal na pagkilos o pamimilit, kung libelo o mapanirang-puri, lumalabag sa alimnmang privacy o batas sa data protection, kung mapandaya o lumalabag alinman sa exchange control o batas sa pagsusugal.

Sa pagkakataon na mayroong maling paggamit at/o pag-abuso sa App, ang Provider ay may karapatan na isara or iblock ang Visitor sa App at isara ang anumang account na nakarehistro sa pangalan ng Visitor. Ang Provider ay may karapatan na idulog ang kaso laban sa Visitor sa sarili nitong kagustuhan.

## 3 Mga Serbisyo

Ang App ay nagbibigay ng interaktibong web at mobile application/features na naglalaman ng live sports information sa mga sporting events, sports scores in real time, final results, iskedyul, mga maglalaro and sports statistics. Ang mga resulta, and iba pang statistics information na nakapaloob sa App, ay sumasalamin sa impormasyon na galing sa mga independent sources (galing sa ibang partido) o sa in-house effort o sa iba-ibang opisyal na Apps. Sa kabila ng pagsisikap na ginawa ng Provider na palaging bago ang nilalaman at mga resulta ng laro o iba pang impormasyon na regular na nasa App, pinapayuhan namin palagiang tingnan ang impormasyon na nalikom sa App sa iba ding mga sources. Ang Provider ay hindi responsable sa paggamit ng Visitor sa mga resulta at iba pang impormasyon na nakapaloob sa App.

## 4 Third party Websites at Apps

Ang Visitor ay kinikilala na anumang contact na ginawa sa third parties matapos gamitin ang App, sinadya man o hindi, at anumang nangyari matapos nito, ay hiwalay sa Provider at ang Provider ay hindi responsable sa anumang kasunduan o ekspektasyon at iba pang mangyayari ma maaaring direkta o inderektang dahilan ng contact.

Anumang claim o pagtutol na maaaring mangyari sa pagitan ng Visitor at anumang iba pang partido ay hindi maaaring isama ang Provider.

Third parties, kasama na ang anumang third parties na nagpapatalastas sa App ay walang access sa mga Visitors' Personal Data at sa iba pang data na maaaring ibinigay ng Visitor sa Provider.

## 5 A/V Content

Ang Provider ay hindi responsable sa nilalaman ng external Apps na maaaring makita sa App. Lahat ng video content na makikita sa App ay wala sa server ng Provider at hindi rin ito ginawa o iniupload sa host server ng Provider.

## 6 Mga Di Na Aktibong Accounts

Kung ang Visitor ay gumawa ng account sa App at hindi ito nagamit sa loob ng 60 araw, ang Provider ay may karapatan na isara ang account sa lalong madaling panahon na epektibo agad at walang kailangang abisong gawin.

## 7 Intellectual Property

Kung walang kasulatan sa pagpapahintulot mula sa Provider, Visitors ay hindi awtorisado na kopyahin, ibahin, pakialaman, ipamahagi, itransmit, ipakita, paramihin, ilipat, iupload, idownload o kaya'y gamitin o baguhin ang anuman sa nilalaman ng App.

FlashScore ay isang trademark ng Livesport s.r.o.. Ang paggamit ng trademark at related marks ay ipinagbabawal at lahat ng mga karapatan ay nakareserba.

Anumang pagbali sa alinmang bahagi ay maaring humantong sa bayolasyon ng mga aplikableng intellectual property rights sa loob ng European Union at iba pang aplikableng mga batas. Ang Provider at iba pang mga partido na awtorisado ay may karapatan na humiling ng damages sa kabuuang extent na pinahihintulutan ng batas laban sa anumang partido na direkta o indirektang lumalabag dito.

## 8 Klase ng Relasyon

Itong mga ToU ay hindi ginawa upang magkaroon ng partnership, ahensya or joint venture sa pagitan ng Provider at ng Visitor.

## 9 Paglabag sa ToU

Kung ang Visitor ay hindi tumupad sa nilalaman ng ToU o kung ang Provider ay resonableng nagdududa na ang Visitor kahit na direkta o inderektang hindi tumupad sa nilalaman ng ToU, ang Provider ay may karapatan na gamitin ang lahat ng remedyo na kanyang hawak, at sa kanyang sariling pagdedesisyon, ay maaaring isara o iblock ang Visitor sa App at isara ang anumang account na nakarehistro sa pangalan ng Visitor and related to it at panatilihin ang karapatan na idulog ang kaso laban sa Visitor sa sarili nitong kagustuhan.

## 10 Legal Compliance

Inaanyayahan ang Vistors na sumunod sa aplikableng mga batas sa hurisdiksyon kung saan ito nakahimpil o sa kasalukuyan. Ang Provider ay walang responsibilidad sa anumang aksyon ng anumang awtoridad laban sa Visitor na may kinalaman sa kanilang paggamit ng App.

## 11 Law & Forum at/o komunidad

Itong mga ToU ay pamumunuan ng at uunawain bilang pagsunod sa mga batas ng bansang Malta na walang epekto sa mga tunggalian sa prinspyo ng batas. Ang Parties ay pumapailalim sa ekslusibong hurisdiksyon ng korte ng bansang Malta para sa kasunduan of alinmang pagtatalo na maaaring lumabas na may kinalaman sa ToU. Itong mga ToU ay hindi pamumunuan ng United Nations Convention on Contracts for the International Sale of Goods, ang aplikasyon nito ay malinaw na hindi kasama.

## 12 Headings

Ang Headings ay para sa kalinawan at upang basahin itong mga ToU. Hindi ito para magamit sa interpretasyon sa nilalaman ng mga pangungusap sa bawat heading. Ang Headings ay hindi anuman magtatali sa Provider sa anumang pamamaraan.

## 13 Waiver

Alinmang waiver ng Provider sa anumang paglabag ng Visitor sa anumang probisyon nitong mga ToU ay hindi nangangahulugang waiver na rin sa mga susunod na paglabag sa mga kahalintulad o sa iba pang mga probisyon nitong ToU.

## 14 Disclaimer

## 14.1 Warranties at Representasyon

Inililinaw ddito na ang Provider ay hindi nirerepresenta, nangangako o ginagarantiyahan (explicit man o implicit) na ang nilalaman ng App ay tama at/o naaangkop sa anumang partikular na layunin maliban sa mga paggarantiya na maaaring hindi isali sa ilalim ng mga batas nitong ToU.

Ang paggamit ng App ay pansariling desisyon ng Visitor. Ang app ay hindi isang gaming o App na may kinalaman sa pagsusugal. Ang Provider ng App ay hindi nagbibigay ng gaming o serbisyong pagsusugal; samakatuwid hindi nito hawak o kontrolado ang pondo ng mga manlalaro at wala itong kinalaman sa anumang gaming transactions. Ang Betting odds na nakadisplay sa App ay bahagi ng impormasyon at kakayahan ng App.

Hindi ginagarantiyahan ng Provider ang:- alinman sa mga serbisyong ibinibigay ng App ay awtorisado, na ang operasyon ay makasasapat sa Visitor, na ito ay lubusang ligtas at walang error, at ito ay madalas na inaupdate, na anumang problema sa software ay regular na inaayos, na hindi ito tumitigil, na ang App ay walang virus o palya, na ito ay patuloy na gumagana, na ito ay sapat, na ang impormasyon at mga available na kakayahan dito ay maaasahan, o ang lahat ng iba pang nakuhang impormasyon at kakayahan na nagamit sa App ay sapat at maaasahan. Lahat ng nagdesisyong gumamit ng Site ay ginawa ito sa sarili nilang kagustuhan at sila ay responsable sa pagtalima sa mga batas, kung aplikable ang mga batas na ito.

Ang App ay maaaring may links at references sa iba pang websites/apps/adverts/content. Itong mga websites/apps/adverts/content ay nakapailalim sa ibang tuntunin at mga kondisyon, na karaniwang matatagpuan sa

websites/apps/adverts/content. Ito ay ginawa para sa kaginhawaan at interes ng Visitor at hindi ito indikasyon ng, o kaya'y pag-apruba, ang mga impormasyon na nakapaloob sa websites/apps/adverts/content ng Provider. Ang Provider ay walang garantiya, maging expressed man o implied, hinggil sa pagiging tama, sa availability ng nilalaman at impormasyon, teksto o mga pigura na hindi nito nasasakupan. Ang Provider ay hindi sinubukan ang anumang software na makikita sa iba websites/apps at hindi ito kumakatawan sa kalidad, kaligtasan, kagandahan o kaangkupan ng ganitong software.

## 14.2 Loss o Damage

Ang Provider ay hindi responsable sa anumang loss o damage, direkta man o hindi, na maaaring mangyari sa Visitor o sa ibang partido bilang resulta sa paggamit ng App, kasama na pero hindi limitado sa damages sanhi ng commercial loss, pagkawala ng benefits, pagkawala ng inaasahang kita, panalo o iba pang kikitain, pagkatigil ng negosyo, pagkalawala ng commercial information, o iba pang anyo o klase ng pagkawala.

Ang Provider ay hindi responsable sa anumang pagkapanalo o pagkatalong natamo sa third party websites/apps na dahilan sa paggamit ng impormasyong nakita sa App.

Na hindi nililimitahan ang pangkalahatan ng nakaraang dalawang clauses, walang responsibilidad ang inaamin o tinatanggap sa lilalim nito, maging sa, mga sumusunod na termino:
mga pagkakamali, maling imprenta, maling interpretasyon, maling pakinig, maling pagbasa, maling pagsasalin, mali sa spelling, mali sa pagbasa, mali sa transaksyon, maling teknikal, mali sa registration, mali sa maniesto, hindi inaasahang pangyayari o mga kahalintulad na mga pagkakamali;
paglabag sa mga panuntunan ng Provider;
kriminal na aksyon;
mga payo, sa anumang porma, na ibinigay ng Provider;
legal na aksyon o iba pang mga remedyo;
pagkawala o pagkasira na na maaaring idinulot sa Provider at iba pang partido sa kanilang paggamit sa App, mula sa content o sa mga link na iminungkahi ng Provider;
pagkawala o pagkasira na na maaaring idinulot sa Provider at iba pang partido na sanhi ng anumang pagbabago, pagkatigil o pagkaantala sa App;
ang kriminal na paggamit sa App o sa mga nilalaman nito ng sinumang tao, o sa depekto, o pagtanggal o sa iba pang sanhi na wala na sa kontrol ng Provider;
anumang paggamit sa App dahil sa paggamit ng ibang partido sa mga pribadong areas na nangangailangan ng login at password gamit ang Visitor's Username at Password;
kapag may mga pagkukulang sa mga serbisyo, kakayahan at iba pang mga feature ibinibigay ng App dahil sa mga viruses o palya na may kinalaman sa lahat ng parameters na bumubuo sa App, anumang danyos, halaga, gastos, lugi, o apela na sanhi ng mga pagkukulang na ito;
anumang kilos o pagkukulang ng ISP o iba pang partido na maaaring ginamit ng Vistor upang makapasok sa App. Kung may litigasyonsa pagitan ng internet provider at Visitors, ang Provider hindi maaaring ibilang sa kaso, at ang anumang kaso ay hindi makakaapekto sa ToU; at
anumang apela na idinulot ng mga danyos na nangyari sa Visitor dahil sa mga nilalaman ng mga materyal na inilathala ng ibang Visitor o ng ibang partido na hindi awtorisado ng Provider sa App.

## 15 Privacy Policy

FlashScore.ph ang website at ang kanyang mobile applications (tinutukoy dito bilang 'App') ay nirerespeto ang privacy ng lahat ng partido na gumagamit sa App, (tinutukoy dito bilang '**Visitors**'), at ito ay naninindigan sa pangangalaga ng kanilang privacy. Ang App ay maaaring lumikom at gumamit ng 'Personal Data' (tinutukoy dito) a may kinalaman sa kanyang Visitors upang upang maibigay sa kanila ang serbisyo ng App at ito ay para lamang sa mga layunin na malinaw na tinutukoy dito.

Itong Privacy Policy ay tumatalima sa international Conventions, at EU laws kasama na ang General Data Protection Regulation (Regulation (EU) 2016/679), na naging Maltese law sa Data Protection Act (Chapter 440 of the laws of Malta), ang Processing of Personal Data (Electronic Communications Sector) Regulations (Legal Notice 16 of 2003 inclusive of the later amendments), ay inadopt ang Recommendation 2/2001 ng Article 29 Data Protection Working Party, inadopt noong 17 May 2001, sa ilang minimum requirements sa pagkolekta ng personal data on-line at ipinapatupad din sa iba pang aplikableng mga batas at gawain.

Ang Controller ng mga nakolektang data at nagamit mula sa mga Visitors ng App ay Livesport s.r.o., Bucharova 2928/14a, 158 00 Prague, Czech Republic at siyang responsable sa App.

Ang Data Controller ay maaaring makontak sa gdpr@livesport.eu.

Ang Provider ay maaaring makontak sa gdpr@livesportmedia.eu.

## 16 Ang Layunin ng mga Pahayag

The layunin ng mga pahayag na ito ay para:

- ilatag ang mga klase ng personal data ng Controller na kokolektahin mula sayo at kung paano namin gagamitin ang iyong mga personal na impormasyon;
- magsilbing basehan kung saan anumang personal data ay ipoproseso ng Controller;
- maipaunawa sa iyo kung paano hinawakan ng Controller ang iyong personal data;
- mailinaw ang mga obligasyon ng Controller sa ilalim ng mga regulasyon ng data protection na may kinalaman sa pagproseso ng iyongmga personal data ng naaayon sa batas at responsable; at
- ipaalam sayo ang iyong mga karapatan sa data protection.

Aming ipoproseso ang personal data sa tamang pamamaraan at naaayon sa batas, na tumutugma sa mga aplikableng data protection regulations at sa General Data Protection Regulation EU 2016/679 (the “**GDPR**”) na kasalukuyang umiiral mula pa noong **25 May 2018**.

## 17 Pagkolekta sa Personal Data

Maliban lamang kung malinaw na nakasaad dito sa Privacy Policy, ang App ay hindi kumukulekta ng Personal Data kung ang Visitors ay simpleng bumibisita lamang sa App. Subalit ang App ay hinihimok ang Visitors na magbigay ng ilang Personal Data sa paggamit ng karagdagan o mas advanced na mga serbisyong ibinibigay ng App matapos magrehistro. Sa mga pagkakataong humingi ang App sa Visitors ng kanilang pagpayag bago ang pagkolekta at paggamit ng Visitors’ Personal Data. Sa pagrerehistro o sa iba pang pagkakaton na ang App ay maaaring humingi sa Visitors na magsumite ng login name (kadalasan ay e-mail address) at password.

Walang obligasyon ang Visitor na magbigay ng kanilang Personal Data o kaya ay payagan ang kanilang Personal Data ay kolektahin ng App. Subalit, ang App ay maaaring hindi makapagbigay sa Visitors na hindi pumayag na makolekta ang kanilang Personal Data ng lahat ng mga serbisyong iniaalok ng App.

Sa pagkakaton na ang Visitors ay pumayag sa App na magamit ang kanilang Personal Data, sila ay may karapatan na iatras ang kanilang ginawang pagpayag sa anumang kadahilanan sa pamamagitan ng pagkontak sa gdpr@livesport.eu. Sa pagkakataong binawi ang pagpayag, anumang dagdag o advanced na mga serbisyo na ibinigay ng App matapos ang registration ay hindi na magiging available.

## 18 Ang Iyong Mga Karapatan bilang Data Subject

## 18.1 Ang Karapatan sa Access

Ang Visitors ay may karapatan na humiling sa Controller (tinutukoy dito) na bigyan sila ng kasulatan kung saan ang kanilang Personal Data ay nakolekta o ginamit. Anumang request ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagpapadala ng request sa panulat sa Controller (tinutukoy dito).

Ang App ay ginagawa ang lahat ng reasonableng pamamaraan sa pangangalaga ng Personal Data na nakolekta. Subalit, ang Visitors ay inaanyayahan na abisuhan ang App sa mga pagbabago sa kanilang Personal Data na nasa pangangalaga ng App.

## 18.2 Pagwawasto, Hindi Paghihintulot o Pagbubura ng Data

Ang Visitors na kinukunsidera ang alinman sa kanyang Personal Data ay may pagkakamali, ay maaaring humiling sa Controller sa panulat para itama ang data. Ang Visitors may may karapatan din na humiling sa Controller na hindi pahintulutan o burahin ang kanilang Personal Data kung ito ay naproseso ng hindi naaayon sa batas.

## 18.3 Karapatan na Tumutol

Maaari kaming kontaking anumang oras sa gdpr@livesport.eu upang sabihan kami na hindi iproseso ang inyong Personal Data para sa marketing purposes e.g. pagtanggap ng impormasyon galing sa amin hinggil sa mga susunod sa events, newsletters at publikasyon at ang iyong data ay hindi na ipoproseso sa mga nabanggit na layunin.

## 18.4 Karapatan na Iatras ang Pagpayag

Maaari mong iatras ang iyong pagpayag dito sa statement, at ang pagpopreso ng mga practices na nakapaloob dito, kahit anumang oras sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa gdpr@livesport.eu. Hindi ito makakaapekto sa pagiging tama ng proseso na ginawa namin sa basehan ng pagbayag bago ito iniatras. Ang pagbawi ng pagpayag ay mangangahulugan na amin ng ititigil ang pagbibigay ng mga serbisyo sa lalong madaling panahon.

## 18.5 Karapatan sa Pagpapatama

Maaari mong humiling na itama ang anumang maling Personal Data tungkol sa iyo na aming naproseso, baguhin ang anumang data na luma na at makumpleto ang Personal Data na hindi kumpleto, kasama na ang pagbibigay ng mga karagdagang statement.

## 18.6 Karapatan sa Pagbubura

Maaarin mong ipabura ang Personal Data na nasa amin na may kinalaman sa iyo kung ang personal data ay hindi na kailangan kung saan:

- umaatras na sa pagpayag sa amin na iproseso ang iyong Personal Data;
- ang iyong Personal Data ay hindi na kailangan pang iproseso; o
- ang iyong Personal Data ay naproseso ng hindi naaayon sa batas.

## 18.7 Karapatan sa Paglilimita ng Pagpuproseso

Maaari mong ilimita ang aming gawain sa pagpoproseso kung saan:

- ikaw ay pumapayag sa kawastuan ng iyong Personal Data, sa isang panahon na maaaring sapat sa amin upang mapatunayan na tama nga ang iyong Personal Data;

- ang aming pagpoproseso ay hindi naaayon sa batas, at hindi ka sang-ayon sa pagbura ng iyong Personal Data at humiling sa paglilimita sa paggamit nito sa halip;
- Kung hindi na namin kailangan ang iyong Personal Data para sa layuning nakasaad na dito, pero nais mo itong kunin para sa paggawa, pagpapatupad o pagprotekta sa iyong mga legal claims; o
- hindi ka pumayag sa aming pagpoproseso habang sinusuri pa kung ang mga lehitimong basehan ng aming gawaing pagpoproseso ay mas matibay kesa sa mga bagay tungkol sa iyo.

## 18.8 Karapatan sa Data Portability

Mula noong **25 May 2018**, maaari kang makatanggap ng iyong Personal Data sa isang istruktura at nababasa ng makina na porma at ipadala itong data sa ibang Controller (na tinutkoy dito sa GDPR).

## 19 Layunin sa Koleksyon at Paggamit ng Personal Data

Ang Personal Data na nakolekta ng App ay ipoproseso sang-ayon sa mga probisyon ng Data Protection Act (Chapter 440 of the Laws of Malta)at subsidiary legislation na may bisa dito at prinoseso para lamang sa mga layuning ito:

I. Pakikipagtalastasan sa Visitors;
II. Pagpapadala sa Visitors ng bagong password kanilang personal account;
III. Pagbibigay ng advanced services na maaaring makapagpabago sa App sa anumang pamamaraan;
IV. Pagandahin ang content na ibinibigay ng App;
V. Pagbibigay sa Visitors ng kanilang personalised App content o disenyo.

## 20 Legal na basehan sa pagpoproseso

Gagamitin lamang namin ang iyong Personal Data na iyong ibinigay sa amin kung saan pumayag ka o sa mga pagkakataon na kailangan naming ibigay ang mga serbisyo na aming iniaalok at para sa mga layuning nakasaad dito sa kasulatan.

Maaari din naming iproseso ang iyong Personal Data kung kami'y may lehitimong interes o upang tumupad sa mga legal na obligasyon sa batas. Maaaring kasama dito ang pagpapatupad ng aming legal claims o kaya ay upang tumalima sa utos ng korte, tribunal o awtoridad.

## 21 Marketing

Makakatanggap ka ng marketing communication mula sa amin kung ito ay personal mong hiniling sa amin sa pamamagitan ng pagbibigay sa amin ng iyong mga detalye sa App na ito at kusang loob mong pinili na makatanggap ng impormasyong ito.

Hindi namin ibibigay ang iyong Personal Data isa iba pang partido para sa layuning marketing na walang ang iyong malinaw na pagpayag.

## 22 Paglalantad ng Personal Data sa ibang mga partido

Ang Provider ay hindi nagbebenta, nakikipagpalitan o nagpaparenta o naglalantad ng Personal Data patungkol sa Visitors sa ibang partido Kung wala ang kanilang malinaw na pagpayag. Subalit ang Personal Data ay maaaring ibigay sa ibang partido sa panahong kailangang ibenta ang App.

Ang mga nasa itaas ay hindi makakahadlang sa legal na obligasyon na nakaatang sa App na ilantad ang Visitors’ Personal Data to third parties.

Ang mga nasa itaas ay hindi rin hadlang sa paglalantad kung saan lubhang kailangan ito bilang bahagi ng isa o maraming layunin sa pagkokolekta o paggamit ng Personal Data. Sa pagkakataong ito ang App ay hihingi ng malinaw na pagpayag ng apektadong Visitors.

Ang Provider ay maaaring magbigay ng statistics tungkol sa Visitors, sales, traffic, at iba pang statistical information na may kinalaman sa App sa ibang mga patido, subalit, hindi tumutukoy sa isang partikular na Visitor.

## 23 Log Files

Upang mas maayos na pangasiwaan ang App and para makalikom ng mas malawak na demographic information sa Visitors para sa pangkalahatang paggamit, ang App ay kusang itinatabi ang IP address ng lahat ng Visitors at ang mga pahina na nakita ng bawat Visitor.

## 24 Cookie Disclaimer

Ang "cookie" ay isang impormasyon na nakatago sa kompyuter ng Visitor ng isang web server at ginagamit para mabago ang kanilang web service. Ang App ay gumagamit ng cookies uang itabi ang impormasyon tungkol sa gawain ng Visitors na maaaring kakailanganin sa hinaharap para gawin ang isang bagay. Ang Visitors ay maaaring pumili na idisable ang cookies sa browser settings. Ginagamit namin ang cookies para ipersonalise ang content at ads, at magbigay ng social media features at ianalisa ang iyong traffic. Ibinabahagi din namin ang iyong impormasyon tungkol sa iyong paggamit sa aming site gamit ang aming App analytics partners, ilang advertising partners (programmatic) at social media (ito ay kung nakalogin lamang ang iyong social account). Tingnan ang detalye dito here.

Ang pahayag na ito ay kailangang basahin na may kinalaman sa aming Cookie Policy at iba pang **Privacy Notice** na maaari naming ibigay sa ibang okasyon kung saan kami ay kumukulekta o nagpoproseso ng Personal Data tungkol sa iyo upang ikaw

ay makaunawa kung paano at bakit namin ginagamit ang iyong Personal Data. iSet ang privacy

## 25 Paglilipat ng Personal Data sa Ibang Mga Partido

Ang Controller ay hindi naglilipat ng Personal Data sa labas ng European Economic Area at, kung kinakailangan ito, sinisiguro namin na may sapat na proteksyon na nakalagay upang masiguro na ang iyong Personal Data ay sapat na naaalagaan.

## 26 Seguridad

Ang App at ang Controller ay gumawa ng ibat ibang pamamaraan, teknikal at organisational, upang mapangalagaan at maprotektahan ang komunikasyon laban sa pagkasira, pagkawala, maling paggamit at alterasyon ng Personal Data na aming nakolekta at nagamit (kasama na ang paninigurado na ang bawat paglilipat ng data ay protektado) gamit ang Secured communication sa pamamagitan ng Visitor's device at Provider's servers “HTTPS”. Bilang dagdag, lahat ng passwords na ginawa mo ay nakatago gamit ang BCrypt standard. Sa kabila ng lahat ng ito, ang Provider ay hindi ginagarantiyahan na lahat ito ay hindi mangyayari.

## 27 Panahon kung saan ang Personal Data ay nakatago

Ang Personal Data ay nakatago lamang sa panahon na kinakailangang makamit ang mga layunin kung bakit ito kinolekta. Kaaso ng user account na hindi ito nagamit sa loob isang (1) taon, lahat ng nakolektang user Personal Data ay buburahin.

## 28 Third party websites/apps

Third party websites/apps ay hindi sakop nitong Privacy Policy. Ang App ay nagbibigay ng links sa ibang sites para sa kaginhawaan ng Visitors. Ang App ay hindi mananagot sa mga contents na nakikita sa third party websites/apps at anumang ginagawa nila para pangalagaang ang iyong privacy. Anumang ibang websites/apps na ginagamit ng Visitors sa App ay maaring may hindi sapat na Privacy Policy.

## 29 Pagtanggap sa Privacy Policy

Ang pagpayag ng Visitors sa pangogolekta at paggamit ng kanilang Personal Data ng App at ng Controller ay papailalim sa Privacy Policy na nabanggit sa itaas. Pinapayuhan ang Visitors na tingnan ang Privacy Policy palagi upang maging pamilyar sa mga panuntunan at clauses dito aat sa mga pagbabago na maaaring ipatupad paminsan minsan ng App.

## 30 Provider

Ang Provider ay Livesport Media Ltd isang isang kumpanya na rehistrado sa ilalim ng batas ng Malta sa 22nd November 2011 na may registration number C 54555, at may registered address sa CMS House, First Floor, St. Peter's Street, San Gwann, SGN 2310, Malta. Para makontak kami, ipadala ang email sa amin sa info@livesportmedia.eu.

## 31 Bersyon at Petsa of ToU

Itong pahayag sa version 1 huling nabago noong 25.5.2018 (FS.COM-ToU-20180525-1)